


# Patnubay Leaks:
# The Ronald Jumamoy Story

**(with permission from the Jumamoy Family)**

**2016-12-15 20:19 GMT+03:00 Joseph Henry Espiritu**

Dear all Servant Leaders in GOs and NGOs.

Mahalaga na basahin nyo itong mabuti lalo na sa taga-embassy dahil ayaw na namin maulit ang kapabayaan, hindi maka-tao, hindi maka-pilipino na paghawak ng kaso ng isa sa kanilang tauhan na naging sanhi sa muntik ng pagkawala ng hustisya sa pagkamatay ni yumaong Ronald Jumamoy, isang OFW sa Riyadh na napatay ng ibang lahi.

Updates muna tayo:

**1. OWWA Death Benefits and Burial Assistance** nakuha na ng family ni Ronald sa Pilipinas. Maraming salamat kay dating Admin Becky Calzado sa pagtulong para

mapabilis ang pag-release ng benefits sa pamilya ni yumaong Ronald. (Amount received from OWWA is 200 thousand Pesos for death benefits and 20 thousand pesos for burial assistance). Nasa baba ang email exchanges natin with former OWWA admin Becky Calzado.

**2. Death Benefits from Compulsory Insurance (RA10022)**. Maraming salamat kay Congressman John Bertiz at kay Mr. Rey Anthony Revilla sa tulong para mairelease ang death benefits mula sa insurance provider. Nai-release ang cheque. (Ang amount na natangap ng family ay 15 thousand USD). Nasa baba din ang Email exchanges ni Cong. John Bertiz, Anne (kapatid ni Ronald) at Mr. Rey Revilla ng insurance provider.

**3. GOSI Occupational Death Benefits (Saudi Government Social Insurance)** - Nai-file ito ng company bago napauwi ang bangkay ni Ronald. Follow-up na lang ito lagi sa GOSI. Ang next step ay magpadala ang GOSI ng form na fill-upan ng family at ipadala nila pabalik sa Saudi para iprocess. Next ay Cheque na ang ipapadala ng GOSI sa family ni Ronald. Expected na matatanggap ng family ay equivalent to 84 months (7 years) basic salary ni yumaong Ronald.

**4. Monetary Claims** from Company thru MOL (KSA) to MOFA (KSA) to Philippine Embassy in Riyadh to DFA OUMWA Manila.. This is 600 SAR only at hindi pa natanggap ng family. (Note: May pinadala din ang company na Financial Help direkta sa Family ni Ronald. Ang amount ay 10 Thousand Saudi Riyals )

**4. Justice** -

Isinulat ko ang naunang 4 pointers hindi para ipagmalaki ang nagawa ng patnubay kundi pangsampal namin sa iilang tauhan ng embahada na ang tingin noon sa pamilya ni Ronald ay kaya nilang bilhin ng pera; nakuha pa na magbigay pabor ang isang tauhan ng embahada sa pamilya ng nakapatay kay Ronald.

Nagawa pa ng taga-embahada na i-hostage ang bangkay ni Ronald para mapilitan ang pamilya nya makipag-ayos sa pamilya ng nakapatay.. *"Kung ayaw nyong makipag-ayos ay di makauwi ang bangkay ni Ronald"*

Napaka-sariwa pa ng pangyayari, ang sakit ng pagkawala ni Ronald para sa kanyang pamilya. Pero gaganyanin lang ng taga embassy ang pamilya ng biktima dahil humiling sa kanila ng pabor ang pamilya ng nakapatay na tulongan sila.

Ang napakasama pa ay isang tauhan ng Repatriation of Remains Section ang namimilit sa pamilya ni Ronald na makipag-ayos sa pamilya ng nakapatay na kung hindi daw sila makipag-ayos ay matagalan pa daw makauwi ang bangkay ni Ronald.


Fyi, hindi kasama ng trabaho ng repatriation of remains ang makialam sa isang police case.

Dahil sa pangayayaring yon ay napilitan kaming mag-intervene.  Nalaman din namin na ang dami ng mali na  nagawa at naipayo ang tauhan ng embahada sa pamilya ni yumaong Ronald.

Isa-isahin ko ang detalye para maintindihan nyo kung bakit ang tindi ng galit namin sa taga-embassy na ito na hindi maayos, hindi makatao, hindi maka-pilipino ang trato nya sa pamilya ni Ronald.
Basahin nyong mabuti ang lahat ng mga nakasulat sa baba.. Hindi ito paninira sa buong embahada. Kundi ito ay para ipapaalam sa inyo na hindi kami nakalimot na may isa kayong tauhan nakagawa ng napakaraming mali na nagdulot ng dagdag pasakit  sa pamilya ni Ronald Jumamoy.

At para ipapaalam na rin namin,  kung ano ang mga pwedeng mangyayari at papano ba dapat ipaglaban ang kaso para makakuha ng hustisya ang pamilya ni Ronald Jumamoy.

4.1. Photo Story - ito si Ronald nang bagong dating sa Saudi Arabia noong August 2014.





January 27, 2016 - Nagtrabaho si Ronald sa isang branch ng Saheel Store sa Riyadh.

May isang ibang lahi na kumuha ng item sa tindahan, lumabas at hindi nagbayad. Sinundan ito ni Ronald sa labas.

Ayon sa mga witnesses, sinuntok ng akusado na ibang lahi si Ronald, bumagsak si Ronald,  nabagok ang ulo sa semento at nawalan nang malay.

Isinugod si Ronald sa King Saud (Shumeisy) Hospital, hindi na nagising at pumanaw noong February 12, 2016.

4.2. Photo Story.  Ito si Ronald nang naconfine sa Shumeisy hospital noong January 27, 2016, comatose patient bago pumanaw noong February 12, 2016.

Noon pa lang aware na ang Patnubay sa kaso at nai-check na rin namin sa hospital na nandun sya.

Nakarating sa amin ang balita dahil ang mga kasamahan mismo ni Ronald sa trabaho ang nagsabi sa amin na may OFW na tindero sa isang grocery store, may customer na na ibang lahi na kumuha ng items sa tindahan pero umalis na hindi nagbayad, sinundan ito ng Filipino na tindero pero sinuntok sya ng sinundan nyang ibang lahi, natumba, nabagok ang ulo, nawalan ng malay at dinala sa hospital.

Siniguro din namin na alamin kung nakakulong ang nanuntok kay Ronald. Ini-relay din namin ang pangyayari kay Ambassador Tago at kay USec Seguis.

February 12, 2016 - ibinalita ng mga kasamahan nya sa trabaho na pumanaw na si Ronald. Hindi kami ang nagbalita sa pamilya at hinintay namin na sila ang magmessage sa amin.

Hiniling namin sa mga kasamahan ni Ronald sa trabaho na kung pwede i-link kami sa family ni Ronald para maguide namin sila sa proseso sa pag-repatriate ng katawan ni Ronald, at magabayan din kung papano tatakbo ang kaso at kung ano ang mga benefits na dapat matatanggap ng pamilya.

Kaya nakilala namin si Mercy isa sa mga kapatid ni Ronald na unang nagmessage sa amin sa Patnubay page. Pinayohan namin si Mercy na papuntahin ang family nila sa pinakamalapit na DFA OUMWA (which is Davao) para makapag-issue sila ng "letter for acceptance of  remains"

Ibinigay din namin ang mga links na ito sa baba para maintindihan nila ang proseso kung papano tatakbo ang kaso at ano ang kanilang mga karapatan bilang pamilya ng OFW na namatay.

- Detailed Overview Of Procedure for Police Cases in KSA - http://patnubay.org/?p=6431
- Qatl (Murder) Cases Analysis - https://drive.google.com/file/d/0B__Nx54o3zwaZ2lZbFdBMEg4RzQ/view
- Process Flow Chart for the Monetary Claims of the Family of an OFW who died in KSA- https://www.facebook.com/PatnubayOnline/photos/a.1019431998107074.1073741960.259830960733852/1029141550469452/?type=3&theater
- Ang Mga Karapatan ng Taong Nagkaroon ng Injury o Namatay Sanhi ng Aksidente sa KSA - http://patnubay.org/?p=6385

Maliban sa mga links na naibigay namin, ay may mga paliwanag din kami kay mercy tungkol sa proseso na pagdaanan  at kung ano ang mga karapatan nila bilang kaanak ng biktima.

**4.3. Acmad Alani**  - the Irresponsible, unbecoming, insensitive, anti-Filipino embassy staff.

March 15, 2016 - Nagulat na lamang kami nang mag-message si Mercy sa amin na ang dating sa kanyang mensahe ay mali ang mga nakasulat sa mga links ng articles na binigay namin sa kanya para basahin at ang mga pinaliwanag namin sa kanya.

Ang dating sa akin ay gusto na nilang makipagsettle at makipag-ayos na lamang sa pamilya ng nakapatay. Tinanong ko si mercy kung bakit. Ang kanyang sagot ay dahil hindi daw makauwi ang katawan ni Ronald kung hindi sila makipagkasundo sa pamilya ng akusado.

Pinaliwanag namin na hindi yan totoo. Una, once matapos na ang medical report ay makakauwi na si Ronald.. at pinaliwanag din namin na kung pera man ang dahilan kaya sila makipag-amicable settlement, maari naman nilang iclaim ang death benefits mula sa GOSI-OHB, OWWA at sa Compulsory Insurance (RA10022). Malaki din yon at di nila kailangang isuko na lamang ang hustisya dahil sa bloodmoney na inoffer ng pamilya ng biktima.

Sinabi ni Mercy na hindi nya naintindihan ang pangyayari at bakit nagkaganun Bakit iba ang sinabi ng embassy sa kapatid nya. Tinanong ko si Mercy kung alam ba ng family niya ang napag-usapan namin. Ang sagot naman ni Mercy ay lahat ng nai-provide natin na information ay nairelay nya sa kanyang pamilya.

Kaya sinabi ni mercy na ang kapatid nya na si Anne ang kakausap sa amin. Si Anne ang nakipagcooperate sa embassy.

Nang unang nag-message si Anne sa Patnubay ay pareho din ang tanong kay Mercy kaya hiningi ko ang ang number nya para mag-usap kami at maka-paliwanagan. Dahil hindi kami magkaintindihan kung sa FB Chat lang. marahil napakalayo na ang direksyon ng proseso na sinabi ng nakausap nya sa embassy kumpara sa proseso na pinaliwanag naman namin sa kanyang kapatid na si mercy.

Tinawagan ko si Anne at doon ko nalaman na kaya sila papayag na lamang na makipag-amicable settlement ay dahil hinostage ng isang taga embassy ang bangkay ni Ronald. Literally hostage-taking ang nangyari, dahil ang kondisyon na binigay ng embassy sa pamilya ay kailangan nilang makipag-ayos sa pamilya ng nakapatay kung gusto ng pamilya ni Ronald na makauwi ang kanyang bangkay.

Hiningi ko kay Anne ang lahat ng communications (email, sms) nila sa embassy at communications nila sa pamilya ng akusado. Kay Anne ko rin nalaman na ang taga embassy mismo ang nagbigay  ng mobile number niya sa pamilya ng akusado. Kaya

ang pamilya ng akusado ay naki-pagusap sa kanila at may pagpupumilit pa na patawarin ang anak nilang nakapatay kay Ronald.

Sinabi ko kay Anne, na kung tapos na ang investigation, ang proseso sa pagpauwi ng bangkay, ang role ng embassy ay magbigay lamang ng No Objection Certificate (NOC), ang lahat ng gawain na susunod ay sa company na ni Ronald. Ayon kay Anne, hindi maka-pagprocess ang company ni yumaong Ronald dahil ayaw magbigay ng NOC ng embassy kung hindi sila magkasundo ng pamilya ng nakapatay.

Tungkol naman sa investigation matagal na itong tapos dahil umamin at nakulong na ang akusado noong nakacomatose pa lamagn si Ronald sa hospital. Kaya wala nang dahilan kung bakit madelay pa ang pag-uwi ng katawan ni Ronald kung mag-issue lamang ng NOC ang embassy at iprocess kaagad ng company ang mga susunod na steps para makauwi ang bangkay.

Tinanong namin si Anne kung sino ang staff ng embassy na nakausap nya. Sinabi nya na si Acmad Alani.  Ito din daw si Alani ang nagbigay ng number ni Anne sa pamilya ng akusado.

Si Acmad Alani ay hindi sa ATN for Police (Male) Cases ng embassy naka-assign kundi sya ay naka-assign sa Repatriation of Human Remains Section.  Hindi nya saklaw ang police cases lalo na ang murder cases. Pero dahil pumunta ang family ng akusado sa kanya ay nagbigay naman sya ng pabor sa mga ito.

Hindi natin alam kung ano ang kapalit ang binigay sa kanya at humantong pa sa panghostage ng bangkay ng biktimang OFW na ang dating sa pamilya ng biktima ay ganito.. “Makipagsettle kayo sa pamilya ng akusado or hindi makauwi ang bangkay?”

Sinabi din ni Anne sa akin ay advise din sa kanya ng taga-embahada na gumawa sila ng affidavit na nagpahintulot ang pamilya ni Ronald na ipa-autopsy as requirement daw sa pag-repatriate ng bangkay.

Pinaliwanag ko kay Anne na sapat na ang medical report at hindi na kailangan na i-autopsy pa ang katawan ni Ronald dahil hindi naman instant ang pagkamatay niya. Kundi nacomatose muna si Ronald sa hospital pagkatapos sinapak ng akusado at nabagok ang ulo..

Kung may duda o suspetsa  tayo sa hospital then pwede tayong magrequest na i-autopsy. Pero if wala at ang sanhi ng pagka-coma ni Ronald ay dahil sa pagkabagok

sa ulo dahil sa pananapak ng akusado,  may witnesses naman at nakulong na ang akusado, then hindi na kailangan pa ang autopsy.

Ang role ng embassy para sa repatriation ng bangkay ay ang pagtanggap ng Letter of Acceptance of Remains mula sa pamilyang namatayan at ang pag-issue lamang ng No Objection Letter at ang mga ito ay iturn-over ng embassy sa company para sila na ang magprocess ng pagpauwi ng bangkay.

Pero dahil itong si si Acmad Alani ay nilapitan ng pamilya ng akusado, hinold nila ang No Objection Letter at hindi nya tinurn-over sa company para makapag-umpisa na ang company sa pagprocess ng repatriation of remains.

Kaya napilitan kami sa Patnubay na mag-intervene dahil hindi tama ang ginawa ng embahada at yon ang naging daan para ma-pauwi ang katawan ni Ronald. Sinabihan din namin sila na hindi na kailangan ipa-autopsy pa ang katawan ni Ronald pero huli na at nautopsy na ang katawan ni Ronald.

4.4. Repatriation of Ronald's Remains

Flight Details
April 28 arrival in MNL~11.AM
APRIL 29(PR1809)
MNL TO DVO
DEPARTURE /4 A.M
ARRIVAL /5.50 A.M





Photo Caption: The Jumamoy Family with ka John Bertiz, Ka Red Bual, Bro Benny Quiman and Media.

Napakasakit ang mga ganitong pangyayari sa pamilya na ang kapamilyang lumisan sa nakaraang isang taon ay malamig na bangkay nang umuwi sa kanila.  Mas napakasakit kung hindi natural ang dahilan ng kanyang pagkamatay. At dagdag pasakit pa kung ang bangkay ay iba na ang hitsura at nabukasan na ang kanyang katawan.

Pasintabi po sa mga hindi kayang tumingin. Ito ay aming ipost para makita ng tauhan ng embahada, na dahilan sa sobrang pagpapahihirap sa pamilya ni Ronald.  Tingnan mo ang ginawa mo. Ito ang resulta ng autopsy.







(note: photos were intentionally censored for patnubay leaks, not for public viewing)

Sa oras na ito. Ako ay napaluha at gusto ko nang itigil pansamantala ang pagsusulat. Pero ipagpatuloy ko na gagamitin ko ang emosyon na ito sa paghangad ng hustisya para kay Ronald. Gaganti tayo Ronald, Di rin kami titigil hanggang sa di makamit ng pamilya mo ang hustisya para sa yo..

Nangyari na ganito na ka-damaged ang katawan ni Ronald nang dumating  dahil sa advise ng taga-embahada na gumawa ang family ng letter na ipa-autopsy ang kanyang katawan. Uulitin namin sa case ni Ronald na nagcomatose muna ng dalawang linggo sa hospital bago ito binawian ng buhay, ay hindi na kailangan pang autopsy. Magpa-autopsy lamang kung may duda sa taga-hospital.

Walang duda ang pamilya sa hospital, dahil alam nila na nang pinasok si Ronald sa hospital ay naka-comatose na ito. Alam nila na ang sanhi ng pagkacomatose ni Ronald ay dahil sinuntok sya ng isang ibang lahi na nagnakaw sa tindahan na kanyang binantayan.

May mga witnesses,  nahuli at nakakulong ang akusado, may police report, may medical report sa pagpasok sa hospital na sapat na evidence na murder ang nangyari.

Ngayon dahil sa payo ng taga-embassy sa pamilya na gumawa ng letter na ipa-autopsy si Ronald. Naging natural cause of death tuloy ang result ng autopsy.  Ang nakasulat ay the patient stop breathing. If makakuha ang pamilya ng nakapatay ng copy ng result ng autopsy, at sa pagtakbo ng time ito ay maaring gagamitin pa nilang ebidensya, isubmit sa korte at sabihin na inosente ang nakapatay  na kaanak nila.

(Nakakainis itong Acmad Alani, Ang daming mga hindi magandang nangyari nag-ugat lahat dahil sa kanya.)

Kaya pakiusap namin sa mga staff ng embassy na hahawak sa kaso, na dapat sa mga first court hearings, ay mai-establish na ang mga pangyayari kung bakit na comatose si Ronald. At dapat maipaliwanag din na ang autopsy report ay patunay lamang na walang ginawang mali ang hospital. Hindi ito pwedeng gamitin na evidence ng nakapatay para mailigtas sya. Patunayan nyo  lamang na walang ibang dahilan ng pagkamatay kundi ang pagsuntok ng akusado.

Dapat mabantayan ang mga bawat investigations and hearings at baka may attempt na naman na malihis ang hustisya.

Sa mga kasong murder na kinasangkutan ng Filipino at ibang lahi, kadalasan Filipino ang nakapatay at ibang lahi ang biktima. Kaya palagi tayong nasa sitwasyon na mahirap at  ang pamilya ng Filipino ang palaging nagmamakaawa na patawarin ng pamilya ng biktima.

Pero heto ang kaso na Filipino ang napatay ng ibang lahi. Tayo pa rin ang pinapahirapan at ang pamilya ng bitkima ang nagmamakaawa?

Maayos naman sana ang paghabol sa hustisya kung hindi lang dahil sa isang Acmad Alani na ito na hinostage pa ang katawan ni Ronald at naging dahilan pa kaya nabuksan na ang  katawan ni Ronald nang makarating sa pamilya nya sa Pilipinas.

Acmad Alani, ano ang kasalanan ng pamilya Jumamoy sa yo? Bakit ba kailangang ikaw ang gumawa ng pabor para sa pamilya ng nakapatay? Alam mo na ba ang mga resulta ng pinaggagawa mo?  May pagsisi ka ba?

Nakakatulog ka pa ba nang mahimbing na may mga tao kang tinatapakan? Mga taong dapat mo sanang alalayan at tulongan?  Dahil yan ang sinumpaan mo sana na tungkolin?

4.5 Pagdating ng mga Gamit ni Ronald.


Sumunod namang dumating ang cargo para sa gamit ni Ronald na nakapagdagdag pa ng kalungkotan sa kanyang pamilya.. Warak na warak po ito nang makarating sa davao.  Nasa baba ang mga photos.

Ito ang mga gamit ni Ronald ng pinacargo ng company ni Ronald mula KSA.




Ito na ang hitsura ng cargo ng dumating sa Pilipinas.









At bumalik sa ating ala-ala na ganito si Ronald nang umalis sa Davao noong August 2014




At ganito na sya nang mauwi sa Davao noong April 2016.




(note: photo was intentionally censored for patnubay leaks, not for public viewing)

**Pakiusap:** Hiniling ko po sa inyong lahat ng nasa email thread na ito.  Bigyan natin ng hustisya ang pagkamatay ni Ronald. Bigyan natin hustisya ang kanyang pamilya. Huwag nang maulit ang maling ginawa ni Acmad Alani na staff ng embahada.  Maraming salamat at Mabuhay po tayong lahat.
- Abu Bakr Espiritu

**Final Note:** Hindi ito kailangan ng Saudi Lawyer, Ang kailangan nito ay ang puso nating lahat ay nakatuon para sa hustisya. Sundin natin ang kagustohan ng pamilya. Ang inyong commitment para sa hustisya ang kailangan ngayon. So please read this with conviction.. LORD ALMIGHTY, PLEASE MAKE ME AN INSTRUMENT TO GIVE JUSTICE FOR Ronald Jumamoy AND HIS FAMILY...  AMEEN

## Case Documentation

**Email Exchanges with Compulsory Insurance Provider**

**On Fri, Oct 28, 2016 at 8:07 PM, Anne Estorba wrote:**

Hi Mr. Rey,
Mr. Dindo has called me this afternoon  informing us that the check has already at their office but since its holiday on Mon. and Tue.  will claim the check on Wednesday together with my parents.
Thank you so much!
Best Regards,
Anne

**On Thu, Oct 27, 2016 at 8:14 AM, Rey Anthony C Revilla wrote:**

Hi Anne,
We are now in coordination with our Davao office. Our check is now on queue for transport and hopefully will be in Davao tomorrow or saturday. Kindly indicate your contact no. on this trail so they can call you once the check is with them.
Thanks
Rey Anthony C. Revilla  I Ryan
Bankers Assurance Corporation I Claims Department
T: (02) - ( 5674675 ) to ( 78 )
F: (02) - ( 5674675 )
E: rrevilla@bankersassurance.com.ph

**Anne Estorba  10/27/2016 12:30 PM wrote**

Dear Mr. Rey,

Good day!

Please let me know when is it possible can we claim the check here in Davao City?

Thank you!
Best Regard,
Anne

**On Tue, Oct 25, 2016 at 11:59 AM, Rey Anthony C Revilla wrote:**

Dear Congressman Bertiz,

Good afternoon.

Allow me to provide you our full report as to how the subject claim transpired for your reference, to wit,-

| DATE | ACTIVITY |
|---|---|
| | |
| May 27, 2016 | Claim documents were submitted by claimant to BAC. |
| June 9, 2016 | BAC after review sent the documents to PHILAM |
| June 9, 2016 | Email sent by PHILAM to BAC requesting for additional documents |
| June 10, 2016 | BAC advised claimant / Beneficiary re the requesrted documents via email. |
| June 15, 2016 | Beneficiary, Ms Anne Estorba replied to BAC email sent on June 15, 2016, She also advised that she still need to request DFA Davao if the requested documents is still feasible. |
| October 18, 2016 | A follow up email sent by Ms Anne Estorba re the status, looping your good office. |
| October 20, 2016 | PHILAM approved the claim. |
| October 27, 2016 | Schedule of BAC settlement check release |

You will notice the big gap from June 15 to October 18, 2016 (highlighted in blue). We sincerely apologize for this as there was a communication which was not properly delivered and received by the concerned parties that caused the delay.

Moving forward, our settlement check is scheduled for release on thursday, October 27, 2016. This will be sent to our Davao office as requested by Ms Anne Estorba.

For your kind information Sir and again, please accept my apology.

Thank you

Rey Anthony C. Revilla  I Ryan
Bankers Assurance Corporation I Claims Department
T: (02) - ( 5674675 ) to ( 78 )
F: (02) - ( 5674675 )
E: rrevilla@bankersassurance.com.ph
A proud member: YGC Group of Companies

----- Forwarded by Rey Anthony C Revilla/MALAYAN/PH on 10/25/2016 09:53 AM -----

Dear Congressman Bertiz,

A pleasant day to you too, sir.

I will ask PHILAM of their full report  anent the subject claim. Thank you

Rey Anthony C. Revilla  I Ryan
Bankers Assurance Corporation I Claims Department
T: (02) - ( 5674675 ) to ( 78 )
F: (02) - ( 5674675 )
E: rrevilla@bankersassurance.com.ph
A proud member: YGC Group of Companies

**On** 10/18/2016 10:42 AM  **John Bertiz**  wrote:

Dear Mr. Revilla,

A pleasant day to you.

Receiving copy of the emails from Ms. Anne in regard to their very long standing claims, can you please provide me the update on their claims, and I need explanation or details of the delays.  I need a full report on the status of Mr. Jumamoy latest Monday, Oct. 24, 2016.

I'm looking forward to hear from you at your earliest.

Best regards,
Cong. Aniceto D. Bertiz III

Representative, ACTS-OFW
Sent from my iPad

**On 18 Oct 2016, at 10:14 AM, Rey Anthony C Revilla wrote:**

Hi Ms Anne,
As per my exchanges with Harry ( as he is on leave), PHILAM is still asking for some additional documents. Police Report and Affidavit of witness/es. This request was already advised to you even before. Let us know once available and if you have some query.
Thanks
Rey Anthony C. Revilla I Ryan
Bankers Assurance Corporation I Claims Department
T: (02) - ( 5674675 ) to ( 78 )
F: (02) - ( 5674675 )
E: rrevilla@bankersassurance.com.ph
**On 10/18/2016 05:27 AM Anne Estorba wrote**

Dear Sir Marco,

Have a great day! In behalf of my family Jumamoy to our late brother Ronald Jumamoy, we would like to follow up regarding of his death claim.

Thank you!

Best Regards,
Anne
--------------------

**Email Exchanges with OWWA Admin Becky Calzado**

From: **Joseph Henry Espiritu**
Date: 2016-06-02 11:12 GMT+03:00
Subject: Re: For POEA and OWWA: Re Death Benefits for the Late Ronald E. Jumamoy Family

Dear Admin Becky,

Salam po maam. Maraming maraming salamat po maam.. Mabuhay po kayo.

May Allah Bless you and your family always
Joseph

**2016-06-02 11:06 GMT+03:00 Becky Calzado :**

Dear Joseph - May I inform you that OWWA Davao released today, 02 June 2016, the death and burial benefit claims in the amount of P220,000.00 to the family of the late OFW Ronald Jumanoy. The check was received by the father of Ronald, Mr. Eusebio P. Jumanoy. Thank you.

Rebecca J. Calzado
Administrator
Overseas Workers Welfare Administration
7th St. cor. F.B. Harrison St.
Pasay City 1300
Tel: (632) 834-0124

**On Tuesday, May 31, 2016 7:45 AM, Rebecca Calzado wrote:**

Dear Joseph - before anything else, please relay to the family of the late OFW Ronald Jumanoy our sincerest condolences and prayers. As mentioned to you in an earlier email, I will check with our office in davao regarding the family's claims for benefits. i was able to speak with our director there and he relayed that the family first visited their office on May 13, 2016 and completed submission of requirements on May 25, 2016. Office is awaiting fund release from head office which i will check on today and give feedback. Family will be informed by OWWA Davao re release of check soonest.
Sent from my iPad

**On May 30, 2016, at 3:57 PM, Joseph Henry Espiritu wrote:**

Dear Admin Hans, Admin Becky and Dir. Obet.

Salam po sirs and maam. magpapatulong sana kami para sa family ni yumaong Ronald E. Jumamoy (murder victim) na makuha ang Death benefits (15,000USD) mula sa Compulsory Insurance at death benefits (200,000 Php) at burial assistance (20,000USD) from OWWA.

Hindi daw maayos ang pakitungo ng OWWA Davao at ng Insurance sa kanila.

**Ronald E. Jumamoy**
**passport ID# EB6236143**

Matagal na po tayong nakatutok sa case ng Jumamoy family.. at ramdam natin ang sakit ng damddami nila dahil sa pangyayari .. na biglang pumanaw si Ronald dahil sa demonyong seryano na sumuntok sa kanya.  Napakalaking bagay po para akin at sa kanila kung maipakita natin sa pamilya ni Ronald na may mga ahensya pa rin ng gobyerno ang nakisimpatiya at aalalay sa kanila

Maraming salamat,
joseph

**2016-05-30 4:54 GMT+03:00 Anne Estorba:**

Hi! Kuya Joseph,
Good morning and kumusta na po? Kuya merun po sana ako pabor pede patulong sa pagprocess ng benefits ng aking kapatid na si Ronald  sa OWWA at sa ibang insurance nya medyo di kami pinapansin.  Ito po yong details nya...

**Ronald E. Jumamoy**
**passport ID# EB6236143**

**Here attach below eto po naman yon insurance nya from his agency dito sa pinas,un under po ng PInoy Assist. naifile ko na rin po eto, but ask of now wala pa ako feedback sa galing sa main office nila.. Pakifollow up nalang den po at maraming salamat po sa tulong.**
**Anne**
--------------------

**Previous Email Subject:** for Amba Ezzedine Tago and Attache Ebrahim Zailon: Re - Letter of Jumamoy Family

**2016-05-26 18:27 GMT+08:00 Joseph Henry Espiritu :**

Dear Amba Tago and Bro Ebrahim;

Assalamu Alaikum Wa Rahmatullahi Wa Barakatuh;

Sirs, I would like to forward to you this inquiry / request letter from the family of the late Ronald Jumamoy (OFW) which is also endorsed by the Office of Outgoing Davao City Mayor Rodrigo Duterte.. Please check the attached pdf file.

Malinaw po ang sulat ng family ni yumaong Ronald.  Sana matugonan ito kaagad.


Jazak Allahu Khairan Kateeran..
abu bakr
PS: i include ustadz Ebrrahim zailon sa email dahil sa kanya pinadaan ng office of davao city mayor ang sulat ng family ni yumaong Ronald.

**2016-05-26 5:46 GMT+03:00 Anne Estorba :**

Hi kuya Joseph eto po un letter n ginawa namin..

Note:please tell to the embassy na urgent ipadala sa amin ub police report kasi kailangan namin for requirements pra sa mga claim insurance specially sa owwa gepending nila amoa application dahil kulang yon requirements namin..

please lang po kuya pkiabot po ang mensahi ko pra sa embassy natin dyan riyad,at un concerns namin dyan sa ibaba n.nkasulat sana po magresponce cila sa amin..



OFFICE OF THE CITY MAYOR
City of Davao

May 20, 2016

**PHILIPPINE EMBASSY OF RIYADH,**
**KINGDOM OF SAUDI ARABIA**

**Thru: MR. EBRAHIM ZAILON**
Officer-in-Charge
Department of Foreign Affairs
Regional Consular Office
Davao City

Sir/Madam:

I am respectfully forwarding to your good office the herein letter of Ms. Analyn J. Legarda, with regard to the case of Mr. Ronald Jumamoy who was murdered by a Syrian National in Saudi Arabia last February 12, 2016, Ms. Legarda, sister of the victim is requesting to follow-up the investigation of the case so that perpetrator be brought to justice.


For your appropriate action on this matter.

Thank you.

**RODRIGO R. DUTERTE**
City Mayor

By:

**ATTY. NATHANIEL D. DALUMPINES**
Chief of Staff



May 16, 2016

Dear Sir,

Greetings!

A few weeks ago we received the remains of our son late Ronald Jumamoy at Davao International Airport. We thank the Almighty God for sending as back our only son in our hometown P-1 Banag Banag Montevista Comval Valley Province despite of all the hindrances.

Now we would like to know the updates regarding the case of my son if it is already filed. We would like also to know when will you start the hearing and how many sessions could be done/perform until there is already a court decision.

We also informed you that the DFA called us last May 04, 2016 that the family of the suspect wrote a letter for asking forgiveness at the same time they offer "monetary compensation". The letter was received last May 6 2016. We read all the details written and understand. But as a parent we also suffered the loss of our son. Nothing in this earthly world comforts us and heal the pain we feel in our hearts.

We feel sorry for the request of Mr. Wael Majed Mahrous we cannot accept their offer "blood Money". We decided to pursue the case as per Saudi Law. We will follow what the court decision.

Hoping for your immediate response to this matter.

Sincerely your


Eusebio P. Jumamoy
Father of Late Ronald Jumamoy

Adela E. Jumamoy
Mother of Late Ronald Jumamoy

Thank you po!

Patnubay  Side Note: The complete details and lapses of our embassy staff ay nasa baba. Ito yong post natin sa paguwi at  pagdating ng katawan ni Yumaong Ronald sa Davao

https://www.facebook.com/PatnubayOnline/posts/1122930471090559:0




**From: Joseph Henry Espiritu**
Date: 2016-04-13 11:13 GMT+03:00
Subject: Re: Re: Affidavit
To: Anne Estorba
Cc: Mhecy

- Mabuti at umusad na ang process ng repatriation ng katawan ni yumaong Ronald. at hawak na ng company ang mga papel sa tagal na nakahold kay Alani, na ayaw mag-issue ng NOC dahil gusto nila magkasundo muna kayo ng pamilya ng nakapatay. Hinostage nila ang katawan ni Ronald para mapilitan kayong papayag na tanggapin ang blood money at magbigay ng kapatawaran sa labas ng korte.

- Gaano ba kalaki ang bloodmoney na ibibigay ng family na ito, kaya ba nilang tumbasan ang ibigay ng kahit sa GOSI man lang? Ang alam kong mga syrian dito mga refugees.

- Kung hindi natin inalerto sina amba tago, ay hindi nila irelease ang NOC, Ngayon nasa company na ang mga papers.. pero basahin mo ulit yong email ng lawyer ng embassy na ito. May pahapyaw pa rin na mag-amicable settlement kayo sa pamilya ng nakapatay. May pasaring pa rin na mukha kayong pera. Langhiya hindi man lang nila inisip na kayo ay nagdalamhati pa ngayon.

iha pakisabi ito sa kanila ha..

- na alam nyo na ang court hearing ay hindi yan nakasalalay sa embassy.. kaya nga maraming hearings at nahatulan na walang translator ng embahada dahil ang court ng ksa ay hindi requirement na may complainant or knowledge from embassy. para magkahearing for public actions

- na ang special power of attorney ay sa pagfile ng private rights of actions lamang at hindi kasama ang pagpatawad.. at maaring hintayin nyo muna na magkaroon ng hatol sa public actions. saka kayo magsampa ng private rights of actions... meaning inaasahan nyo ang hatol na pugot ulo from judge..

- if may hatol na pugot ulo then saka na lalapit ang family ng murderer sa embassy kung gusto nila. then saka na rin kayo dapat magfile ng private rights of actions. kaya lang namn nyo binigay ang special power of atty para pagkatapos ng hatol. Ang desisyon ay nasa inyo kung magpatawad ba kayo or hindi.

- hindi katulad ng ginawa ni Alani na ihold ang bangkay kung di kayo magkasundo ng pamilya ng nakapatay kay Ronald. Tarantado sila. walang puso. kayo ang namatayan kayo ang hinawakan sa leeg. at hinostage pa nila ang katawan ni Ronald.

- ipaalam nyo sa kanila na ang private rights ay hindi out of court settlement . ito ay dapat isubmit sa court. . pakisabi sa kanila na ilaban muna nila na magdecide ang judge ng qisas (pugot ulo). at saka na kayo as family of the victims magdecide kung papatawarin with bloodmoney or ituloy ang pugot ulo

- sa ginawa nilang ito na nakipag-usap sa pamilya ng nakapatay ay tinanggalan kayo ng karapatan para humiling ng hustisya. letse sila at ang dating dito ay mukha kayong pera.

- ako ay namangha din na simula pa kay Alani, hanggang dito kay ayo... ay excited talaga silang kausapin kayo. Samantalang sa ibang mga pamilya na namatayan ay ang sungit-sungit nila, nasanay sila sa sagot, na "busy kami lagi, marami din kaming inasikaso.. " toinks. as if araw-araw ay may Filipino na namatay sa saudi arabia. Yan ay sa pabor na binigay nila sa pamilya ng siryanong nakapatay kay Ronald.

- isa pa di ba sinabi ko iha sa phone na hindi na kailangan i-autopsy pa ang katawan ni Ronald?

Dahil may nakakita sa pagsuntok, pagkabagok sa ulo bago sya nagcomatose sa hospital. Hindi naman ang hospital ang pinagdudahan nyo na pumatay. Hindi naman medical malpractice. Ang reklamo nyo.

Ito lang muna,
kuya

2016-04-13 9:39 GMT+03:00 Anne Estorba :

---------- Forwarded message ----------
From: "Mumar Ayo"
Date: Apr 13, 2016 1:56 PM

Subject: Re: Affidavit
To: "Anne Estorba"

Dear Analyn,

Good day!

1. Yung papeles po for the shipment of remains ng kapatid mo ay hindi pa tapos sa side ng kanyang employer. Kahapon po, 12 April 2016 ay inantabayan namin pero hindi dumating sa Embassy ang kanilang liaison officer. Pls understand na medyo me katagalan ang processo kasiy may medico-legal aspect ang case ng kapatid mo. Rest assured, we will inform you as soon as ma-finalize ang required documents for the shipment ng remains ng kapatid mo. Para sa shipment ng remains ang in-charge pansamantala ay si Mr. Rico Silva kasiy on vacation leave si Mr. Allani.

2. Kung maari po pls send us your contact telephone number so we can update you directly.

3. Tungkol naman po sa private rights, pumunta dito ang kapatid ng Syrian at me dalang sulat ng kanilang tatay na nag o-offer ng condolence at financial compensation. Walang binanggit na amount. Ibig sabihin kayo na po ang mag decide kung magkano, in case na gusto nyo ang financial compensation. In return, hindi na po kayo magsasampa ng case for private rights at mag issue kayo ng tanazul or letter of forgiveness (stating that you forgive the killer and waive your rights to demand qisas or death against the killer).

Ang in-charge po naman sa private rights or blood money ay si Mr. Jun Duran. Siya po ang inyong hahanapin tungkol dito. Ipapadala namin po sa OUMWA-DFA ang sulat from the Syran family.

4. Kung ayaw nyo po ng blood-money or financial compensation, sumulat lang po kayo na ayaw nyo para ma i-forward ng inyong authorized representative sa court once na mag start ang hearing. Sa ngayon po, wala pang court hearing. Ang priority po natin ay mai-uwi sa Pilipinas ang kapatid mo.

5. Pls. inform the Jumamoy family of the contents of this letter.

My condolences.
TMAyo

-------

**From: Anne Estorba**
Date: 2016-03-24 6:18 GMT+03:00
Subject: Re: Fwd: Inquiry and Request for Updates: Murder Victim's Family complains Mishandling of Riyadh Embassy staff in-charged for the repatriation of the remains of OFW Ronald Jumamoy
To: Joseph Henry Espiritu

Eto po un calling Card ng Abogado n humwak ng kaso ngaun s kapatid ko.
Muamar (Tomara Maruhom Ayo, Phd Councelor at Law)
Cel#+966531xxxxx
Tel# +96611 4803xxx
Yan po un details nya pero hindi pa po kmi ngkausap hindi pa cxa tumwag sa akin , ang ngsabi lng po s akin nito ay Si Joel Reyes po un Hr Specialist po ng Compny po ng kPatid ko si Ronald, ng pumunta cxa ng embassy sinaglitan nya ifollow up kso ng kapatid ko at ngkataon nmn n andon un abogado n hahawak sa kaso ng kapatid ko... Sir Jimboy merun p po ako concern un family po ng suspek plagi pa rin po tumtawg sa akin pero hindi ko cx sinasagot... Un lng po.

Maraming Salamat!
Anne

**On Mar 24, 2016 10:42 AM, "Anne Estorba" wrote:**

Hi Sir Joseph,

Thank you so much po sa pghelp nyo sa amin to follow sa embassy natin un tungkol sa case ng kapatid ko..

Sa ngaun po ngreply na po un abogado n hahawak sa case ng kapatid ko at nirequesr nya sakin n pumunta daw ako sa dfa to tell them na mgpgawa kmi ng affidavit for repatriation at if the imbistagation an autopsy is done and to have a copy of medical and police report to file the case.

Eto po ang nirequest n nmn ng abogado n humwak sa kaso ng kapatid ko ngaun..

**Previous Email Thread Subject:** Inquiry and Request for Updates: Murder Victim's Family complains Mishandling of Riyadh Embassy staff in-charged for the repatriation of the remains of OFW Ronald Jumamoy

**2016-03-22 18:13 GMT+03:00 Joseph Henry Espiritu :**

Dear Amba tago

I would like to inquire and request for updates on the repatriation of remains of OFW Ronald Jumamoy (Murder Victim) whose Family suspects mishandling of the staff in-charged for the repatriation of the remains. Nasa baba ang email ni annalyn, kapatid ni yumaong Ronald. at nasa baba naman ang ang aming reactions at mga suggestions kung ano ang mga dapat gagawin.

Maraming salamat
Joseph

**On Mar 22, 2016 11:13 PM, "Joseph Henry Espiritu" wrote:**

Dear Amba tago, I would like to inquire and request for updates on the repatriation of remains of OFW Ronald Jumamoy (Murder Victim) whose Family suspects mishandling of the staff in-charged for the repatriation of the remains.

Nasa baba ang email ni annalyn, kapatid ni yumaong Ronald. at nasa baba naman ang ang aming reactions at mga suggestions kung ano ang mga dapat gagawin.

Maraming salamat
Joseph

---------- Forwarded message ----------
From: **Anne Estorba**
Date: 2016-03-17 8:10 GMT+03:00
Subject: eto un pinagawa sa akin ni Mr. Ad Allani
To: Joseph Henry Espiritu

Hi Sir Gimboy,

Good morning!

Noon Feb 12 namatay po ang kapatid ko si Ronald Jumamoy. Nagtungo kami sa OWWA noon Feb, 15 na (MONDAY) dahil wala opisina dto ng Sabado at Linggo, pinaalam nmin un nangyari sa kapatid ko at inaasist namn nila kmi ng maayos at ipinaliwang sa amin kong ano un mga dapat n makuha ni Ronald sa kanila kasabay non pgbigay ng mga form na dapat na fill up at icomply un mga requiremts.

Pagkatapos namin sa OWWA ngtungo po kami sa DFA pra ipaalam na namn sa knila un nangyari sa kapatid ko at si Ms. Collen po ang ng asist sa amin cxa un ATN section dto sa DFA Davao pinafill up nya po ako ng form doon para po sa repatriation ng kapatid ko dahil un nga una gusto ng magulang ko ang maiuwi c Ronald kaagad but ngbago po ang icip nila pgkatapos po na mkpg usap kmi na mgkapatid n gusto nmin ilaban ang kaso para mbigyan po namin ng hustisya ang pgkamatay ng aking kapatid.

Kinabuksan Feb. 16 tumawag sa akin c Mr. Ad Allani cxa un taga embassy sa Riyad na cxa humahawak sa mga death cases sa mga kapwa natin OFW, sinabi nya sa akin na eto un dapt kong gawin mgpagawa daw ako ng SPA at AFFIDAVit na nglalaman doon na pinapahintulutan nmin ang tga embassy na cila ang mgfile ng case in behalf sa family nmin at sinabi nya rin sa akin na ipapahold dw muna nya un pg uwi ng bangkay ng Kapatid ko dhil nga mgkakaroon ng kaso,

ang reason nya po ay ipanatili muna ang labi ng aking kapatid in case po na mgrequest ng autopsy ang court during sa hiring dahil kong maiuwi daw eto na hindi pa tapos un imbistagsyon maari dw eto dahilan na mapawala bisa un kaso nmin....
...............................................................

Dito na po lahat ng umpisa ang pabalik balik ko sa DFA dto a Davao pra lng dto sa mga requirements na eto...

Feb,17,2016 - Nagpagawa ako ng SPA at AFFidavit with notaryo at dat day rin po isunumiti ko agad dito sa DFA Davao. at around 4 p.m po habang papunta na po ko ng Dfa tumawag po sa akin si Mr Allani he inform me na un pamilya ng suspek ay gusto nila ako kausapin at tinanong nya ako kong papayag ba daw ako ibigay un number ko sa kanila para matawagan nila ako directly sa mobile ko, pero sinagot ko cxa na"pede ba hindi ko cila kausapin Sir? Sagot nya sa akin wala problima Ms. Anne kong yan ang gusto mo so iblock natin cila sa inyo at lahat ng info ninyo mkaasa keu na wla cila malalaman. dahil hindi rin pde mkipg usap og mkpg

negoatiate keu sa kanila with out knowing the court dhil mgkakaroon ng kaso..hanggang doon lng po g uusap nmin,,

Feb 18 2016---- tumawg cxa sakin ulit pra sabihin na kelangan un ipared ribbon un mga document na pianagwa ko.

Feb 19 2016----kinuha ko un documents sa DFa dto sa davao pra ipadala ko sa manila ky Mr. Croox na cxa un inuutusan nila lage pgdating dto sa mga matters na eto isa cxa  oretired officer sa DFA pero cxa lng un inuutusan nila pra mglakad ng mga papel katulad ng pg papred ribbon.

Feb 22 2016--- Natanggap ni Mr. Croox un padala ko documents kaya lng may kulang dahil nkaligtaan permahn ng judge un isa papers ko kya ngatungo na nmn ako ulit sa DFA at buti na lang may kopya ako noon at un binalik ko dito sa hall of justice pra mapirmhn un at sa araw na iyon din naipadala ko kaagd sa manila...

Feb 24 2016 --- naisubmit na ni Mr croox un papers ko so wait nlng ng pick up after 3 wrking days

March 03 2016---- Nakuha na ni Mr Croox at pinadala nya skin un photocopy ng galing sa original n pinared ribbon ko ksabay din nya ipinadla sa un original ng documents ko sa Riyad Embassy at nsabi nya n by Sunday darating na doon dhil wala pasok dyan ng friday at Saturday at nataon din iyon n Holiday din dto...

March 06, 2016--- 8:02 p.m tuwmag uli si Mr Allani sakin dahil merun cxa cononfirm sa akin n papers na may dumating dw doon n galing dto sa DFA davao pero ang nkasulat doon same lng daw ng contents doon sa una nmin nerequest na pauwiin un bangkay which is hindi dw un ang pinag usapan nmin so sabi ko na meru po ako pinagawa un po un SPA at Affivadavit namin na nkasaad po don na pinahintulutan po nmin ang taga embassy n cxa mgfile ng case pra in behaf sa family namin kya nliwanagn cxa...sabi nya skain Ok antayin ko na lng at sabi ko sa kanya na darting un sa Linggo pero sabi nya wla pa daw. Lumipas ang mga araw hndi na cxa tuwag sa akin ulit.

March 14 2016-----   3:19 p.m tumawag cxa sakin uli to let me know na natanggap na nya un SPA ko,at umpisa nya pinaliwanag sakin lahat kong ano un mga prosesso ng kaso. una nya binanggit sa akin ang pgkuha ng Lawyer na cxa un maging representative namin at once nsa kanya na lahat ng mga papers directly n cxa mkipg usap sa amin at hini highlights din nya sakin ang takbo ng kaso na abutin dw

ito na1 o 2 mhigit na taon bago ,matapos at  bago mahatulan un akosado  din marami pa cxa sinasabi sa akin n hindi ko na masyado mainitindihan dhil subra bilis nya mgsalita at mgpaliwanag hirap ako mkpgtanong basta ang malinaw sakin doon at naitindihn ko un proseso na matagl tlga un pglilitis ng kaso at dhil gusto ko malaman na kong ano mngyari sa bangkay ng kapatid ko kong halimbawa naum[isahn na un kaso posibli nba na maiuwi un bangkay nya kahit tapos na un investigation at autopsy,,ang sagot nya sakin alangan pa cxa sabi nya maari daw namin irequest sa foriegn ministry ang pg uwi ng bankay kya lng wala kasiguraduhan dahil nga sa pgkakataon eto hawak ng mga pulis at nkadependi po dw  sa mga pulis kong pde cxa iuwi na may kaso pa un patay,,so in short sa pagkaintindi ko sa sinabi nya na wla din kasiguraduhan na maiuwi nga dhil cxa din mismo ngsabi sakin na wla daw kasiguraduhan if payagn ba un hiling namin...so doon na po prang nanghina po ako dhil sa icip ko.

kong ganon di nmin alam kong kelan at hangagang kelan manatili ang kapatid namin dayn,hanggang sa isiningit nya sakin un andon nga daw sa harapan nya un family ng suspek laki ikinagulat ko kong bakit andoon cila at bkit ngaun cxa n mismo ang ngbigay ng access na pde ko na cila kausapin at sabi nya sakin na pkinggan ko lng daw un sasabihin ng kanila interpreter dahil hindi nga daw marunong mg English un mga magulang ng ng akusado,at nsabi nya sakin n sa gnito level daw ok lng daw na mkpg usap ako dahil wala nmn daw problima basta pakinggan ko lng daw normal lng dw na mg usap usap nang sa ganon kong ano mn ang posibli mpgkasunduan nasa amin na daw un kong ano desisyon namin.

sa mga sinasabi ng pamilya plus nasabi pa nya na my mga compensation nga daw na babangitin eto interpreter ng akusado at nasabi nya mas maigi din daw na mg usap usap dhil isa daw rin eto praan kong sakali maayos un dpat ayusin na problima kong bga sa level na eto bingyan nya kmi both side na mkpg icip lalo na sa amin kong ano ba talaga magng desisyon namin, dhil kong hindi dw at wla cila marinig na feedbacks sa amin sa pkiki[g usap ng family ng akusado sa amin eh tska pa nila ipursue un kaso dhil ibig sabihin nga po dw hindi kmi pumapayg sa mga hinihiling ng nila,,,,,

so sinabi na ni Mr Allani sakin n ibigay na nya un number ko doon sa tao tatawg sakin pra dw mkpg usap na kmi at saby baba n nya un fon,maya maya kunti 3:44 p.m tuwg c Mr, Interpreter skin ngpakilala sa akin n cxa c Mr, diko klarun nem nya saby sabi nya " I am the interpreter of t iterpreter  in behalf of the fmily of the accused we feel very sorry and condolence to your family...I just want to let you know that the accused is very young and he is only 19 years of age ang his parents

was too old. "i just quite ang continue listening to him but in my mind and in my heart andon un sakit at gusto ko sana sabihin na masakit sa amin n mwaln ng kapatid lalo na sa magulang namin they are too old also were the same we have so much pain in our hearts pero sa icp ko lng eto…

